HALAW SA KATITIKAN NG IKA-8 NA PANGKARANIWANG PULONG NG IKA-12 SANGGUNIANG BAYAN (2025-2028) NG CAVINTI, LAGUNA, NA GINANAP NOONG IKA–8 NG SETYEMBRE 2025 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN, GUSALING ABC, CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: KGG. JOSE MARI L. ESGUERRA, PANSAMANTALANG PANG. PUNUMBAYAN/PANSAMANTALANG NANGULONG PINUNO

Kgg. Joseph P. Baltazar, SB Member;
Kgg. Dr. Jovenil T. Gordula, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Melandro V. Lope SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca,SB Member/ABC-President;at
Kgg. Limron O. Sanchez, SKF President

HINDI DUMALO: Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
*(Vacation Leave – Abroad)*

**KAPASIYAHAN BLG. 052-2025**

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG TAOS-PUSONG PAGBATI NG PAGPUPURI AT TAGUMPAY KAY KGG. ARVIN MANGUIAT, KONSEHAL NG LUNGSOD NG CALAMBA SA KANYANG PAGKAKA-HALAL BILANG PANGULO NG MGA KONSEHAL LAGUNA CHAPTER PARA SA TERMINO NG TAONG 2025-2028.**

**May Akda: KGG. ROMEL J. VILLANUEVA,**SB Member;
*Chairman, Committee on Ordinances and Legal Matters*
*Committee on Privileges*

**SAPAGKAT,** ang Liga ng mga Konsehal ay itinatag noong taong 1989 na may pananaw upang isulong ang kapakanan at kaunlaran ng bawat miyembro patungo sa mahusay na pamamahala sa lokal na pamahalaan bilang tagapagpaandar ng positibong pagbabago sa lipunan;

**SAPAGKAT,** layunin din ng liga na higit na mapagbuklod ang mga konsehal at magkaroon ng isang layunin na maaaring iambag sa kanilang mga bayan para sa mas epektibong pamamahala sa tulong ng lehislatibong pamamaraan;

**SAPAGKAT,** nagsagawa ng isang asembliya at pagpupulong na sinundan ng halalan para sa bagong pamunuan noong ika-4 ng Setyembre 2025 para sa terminong 2025-2028 Gusaling Pangkultura ng Laguna Sta. Cruz, Laguna na naging resulta naman ang kanyang pagkaka-halal bilang Pangulo ng Liga ng mga Konsehal sa buong Lalawigan ng Laguna;

**SAPAGKAT**, nais ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Cavinti na buong pusong susuporta sa kanyang mga adhikain at magagandang mga programa

MILBERT L. OLIVEROS
Acting Municipal Mayor

JOSE MARI L. ESGUERRA
Acting Vice-Mayor/Presiding Officer

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III

RECEIVED
9/30/25 10:23

OFFICE OF THE MUNICIPAL ADMINISTRATOR
RECEIVED
BY: JIMUEL P. JUANILLO
DATE: 9/30/25

para sa Liga at sa kabutihan ng bawat Konsehal at ng higit sa lahat sa Lalawigan at ng bawat Bayan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** matapos ang isang malaya at masinsinang talakayan sa mungkahi ni Kgg. Romel J. Villanueva, Miyembro ng Sangguniang Bayan at buong pusong sinang-ayunan ng lahat ng dumalo, ay

**IPINASIYA,** gaya ng ginagawang PAGPAPASIYA ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Cavinti na NAGBIBIGAY NG TAOS-PUSONG PAGBATI NG PAGPUPURI AT TAGUMPAY KAY KGG. ARVIN MANGUIAT, KONSEHAL NG LUNGSOD NG CALAMBA SA KANYANG PAGKAKA-HALAL BILANG PANGULO NG MGA KONSEHAL LAGUNA CHAPTER PARA SA TERMINO NG TAONG 2025-2028.

**IPINASIYA PA RIN,** na bigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito si KGG. ARVIN MANGUIAT sa kanyang Tanggapan City Hall ng Calamba gayundin sa kanyang Tanggapan sa Sangguniang Panlalawigan Sta. Cruz Laguna at kalakip nito ang Sertipikasyon ng Pagkilala .

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-8 na Pangkaraniwang Pulong ng ika-12 na Sangguniang Bayan (2025-2028) Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika- 8 ng Setyembre, 2025.

**NANETTE V. JUAREZ**
Book Binder III

**MAY KINALAMAN:**

**KGG. JOSE MARI L. ESGUERRA**
**PANSAMANTLANG PANGALAWANG PUNUMBAYAN/**
**PANSAMANTALANG NANGULONG PINUNO**

**PINAGTITIBAY:**

**KGG. MILBERT L. OLIVEROS**
**PANSAMANTALANG PUNUMBAYAN**